
1

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong Mula sa mga Taong Hindi Kilala



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
DI IPINAGBIBILI

**Health – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong Mula sa mga Taong hindi Kilala**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Manunulat:** Alma Victoria C. Galano

**Editor:** Dennis Agbayani, Preciosa G. Rivera

**Tagasuri:** Evangeline D. Castillo, Myrna H. Agudo, Oswaldo A. Valiente

**Tagaguhit:** Donald C. Batin, Kym Clyde H. Moro

**Tagalapat:** Oswaldo A. Valiente

**Management Team:** Estela L. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderick B. Guinucay
Marcial Y. Noguera
Evangeline D. Castillo
Natalia N. Nicolas

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Health

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong Mula sa mga Taong Hindi Kilala

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Health 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong Mula sa mga Taong Hindi Kilala

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala Para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Health 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong Mula sa mga Taong Hindi Kilala

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| | *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| | *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| | *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto

ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito

# Alamin

Ang modyul na ito ay tungkol sa mga sitwasyon na angkop sa paghingi ng tulong sa mga tao na hindi kilala na maaaring malapitan at makahingi ng tulong upang matugunan ang problema o pangangailangan.

Mapabubuti nito ang ating pakikisama o pakikipagkapwa sa mga taong hindi natin kilala sa pamamagitan ng maayos na pakikipag-usap upang makahingi ng tulong.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na magagawa mo ang sumusunod :

1. Nakilala ang mga sitwasyon na angkop sa paghingi ng tulong mula sa mga tao na hindi kilala. (H1IS-Iva-1)

# Subukin

Panuto: Isulat ang Tama sa sagutang papel kung tama ang sinasabi at Mali kung hindi tama ang sinasabi.

_____1. Tinutulungan tayo ng traffic enforcer na makatawid ng maayos upang hindi tayo mabunggo ng mga sasakyan.


_____2. Dinala si Mina sa pulis dahil may sakit siya.

_____3. Hindi makabasa si Lita kaya kailangan siyang dalhin sa doktor upang turuan siyang magbasa.

_____4. Bumbero ang tawagin kung ang bahay ay nasusunog.

_____5. Dapat hulihin ni Mang Cardo na isang drayber ang lasing.

# Aralin 1 — Natutukoy ang mga Sitwasyon na Angkop sa Paghingi ng Tulong sa Taong Hindi Kilala



## *Balikan*

**Panuto**: Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1. Pag-uwi mo galing sa paaralan nakita mong nakakalat ang basura sa inyong bakuran. Ano ang iyong gagawin?
   a. Magpalit ng damit pambahay at manood ng telebisyon.
   b. Magpalit ng pambahay at linisin ang nakakalat na basura.
   c. Hintayin ang nanay, siya na ang bahala magwalis ng nakakalat na basura.

2. Ano ang dapat mong gawin sa mga laruan pagkatapos niyo maglaro ng kaibigan mo?
   a. Ipaligpit kay ate ang mga laruan.
   b. Iwanan sa lugar na pinaglaruan, maglalaro kasi uli bukas.
   c. Ligpitin at ilagay sa tamang lagayan.

3. Hindi nahugasan ng ate mo ang mga pinagkainan ninyo na nasa lababo dahil may pinagawa sa kanya ang nanay mo. Inutusan ka maghugas ng mga pinagkainan ninyo. Ano ang iyong gagawin?
   a. Hugasan ang mga pinagkainan na hindi nagrereklamo.
   b. Magdabog habang naghuhugas ng mga pinggan.
   c. Ipagpatuloy ang paglalaro, hugasan pagkatapos maglaro.

4. Araw ng Sabado, buong pamilya ay tulong-tulong sa paglilinis ng bahay. Bilang kasapi ng pamilya ano ang magagawa mo sa kalinisan ng inyong paligid?
   a. Linisin ang mga electric fan.
   b. Magwalis sa paligid.
   c. Palitan ang mga kurtina.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento.

Isang araw habang naglalaro ang magkakaibigan na sina Marlo, Jino at Berto ay may nakita silang malaking usok. Ito ay kanilang pinuntahan at nakita nila na nasusunog ang bahay ng kanilang kaklase. Walang tao sa bahay dahil nasa bukid sila. Hindi nila alam kung ano ang kanilang gagawin. Kanino sila hihingi ng tulong upang mapatay ang nasusunog na bahay ng kanilang kaklase?

## *Suriin*

May mga taong hindi natin kilala sa lipunan na makakatulong sa ating pangangailangan hindi lamang ang mga kakilala natin. Upang makahingi tayo ng angkop na tulong kailangang alamin muna natin ang sitwasyon upang matugunan ng tamang tulong mula sa mga taong hindi natin kilala.

Sa modyul na ito ay matututunan natin ang iba't ibang sitwasyon na angkop sa paghingi ng tulong sa mga taong hindi natin kilala, tulad ng mga sumusunod.

1. Bumbero - pinapatay ang sunog.
2. Drayber - naghahatid sa pupuntahan malayong lugar.

3. Traffic enforcer – tinitingnan ang kaayusan ng trapiko upang makatawid ng maayos sa kabilang daan.
4. Pulis - hinuhuli ang mga magnanakaw, gumagawa ng masama at tinutulungan makauwi sa bahay kapag naligaw.
5. Guwardiya – ginagabayan tayo kung hindi alam ang gagawin sa pinuntahang lugar.
6. Barangay tanod – tinitingnan ang kaayusan at katahimikan ng isang barangay.
7. Doktor – ginagamot ang mga maysakit.
8. Guro – tinuturuan ang mga bata na magbasa, magsulat, magbilang at iba pa.
9. Tubero -inaayos ang mga sirang tubo at gripo.
10. Sapatero - inaayos ang mga sirang sapatos.
11. Barbero - ginugupit ang mahabang buhok natin.


## Pagyamanin

**Panuto:** Piliin ang wastong larawan sa loob ng kahon na akma sa gawain ng mga tao sa lipunan na nasa unahan ng bawat bilang. Isulat ang wastong titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.









a. b. c.

2.











a b c

3.





a b c

4.




a b c

5.






a b c

## *Isaisip*

**Panuto:** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel.

1.Hinuhuli ng mga pulis ang mga _______________.

a.kumakain sa restaurant

b.batang naglalaro sa daan

c. nagnanakaw at pumapatay ng kapwa tao

2. Bumbero ang ating tinatawag kapag ____________.

a. may sunog

b. nais natin bumili ng tubig

c. masakit ang ating tiyan

3. Tinutulungan tayo ng mga traffic enforcer __________.

a. makauwi sa ating bahay kapag tayo ay naligaw.

b. tumawid sa daan kapag marami ang mga sasakyan

c. ihatid sa paaralan kapag malayo ang bahay

4. Doktor ang tumutulong ____________.

a. sa mga batang nahihirapan magbasa

b. kapag nasira ang bahay ng malakas na bagyo

c. kapag may sakit ang isang miyembro ng pamilya

5. Draybər ang ating tinatawag ____________.

a. kapag nasira ang gripo

b. kapag may pupuntahan tayo na malayong lugar

c. kapag hindi natin alam ang pauwi  sa ating bahay



## *Isagawa*

Panuto: Basahin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Pagkatapos ng klase hindi ka nasundo sa oras ng iyong tatay dahil may dinaluhan siyang miting. Malapit sa kinatatayuan mo ang istasyon ng pulisya. Ano ang iyong gagawin?
   a. Makiusap sa pulis na ihatid sa bahay dahil hindi alam ang daan pauwi.
   b. Sasama sa kaklase pauwi sa kanilang bahay upang maglaro.
   c. Umiyak nang malakas para mapansin ng mga dumadaan.

2. Araw ng Linggo namasyal kayo sa parke kasama ang iyong pamilya. Naglaro kayong magkakapatid ng habulan. Sa katatakbo mo napahiwalay ka sa iyong mga kapatid. Hindi mo sila mahanap nakita mo ang guwardiya sa parke, ano ang iyong gagawin?
   a. Umiyak nang malakas upang mapansin  ng guwardiya.
   b. Sabihin sa guwardiya na iuwi ka sa kanilang bahay.
   c. Makiusap sa guwardiya na tulungan ipanawagan ang mga magulang.

## *Tayahin*

Panuto: Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot kung paano ka matututulungan ng sumusunod. Isulat sa sagutang papel.

1. Pulis
   a. Hinuhuli ang mga masasamang loob.
   b. Tutulungan maghanap ng aklat sa library.
   c. Tutulungan kung saan makakabili ng gamot.
2. Drayber
   a. Sasamahan mamalengke
   b. Ihahatid sa malayong lugar na pupuntahan.
   c. Tuturuan magbasa at sumulat.
3. Traffic Enforcer
   a. Sasamahan mamasyal sa loob ng mall.
   b. Hinuhuli ang mga gumagawa ng masama.
   c. Tinitingnan na maayos ang trapiko upang makatawid nang maayos sa kabilang daan.
4. Bumbero
   a. Tinitingnan ang kapayapaan at katahimikan ng kapaligiran sa barangay.
   b. Binabantayan ang mga namimili sa palengke.
   c. Pinapatay ang apoy ng nasusunog na bahay.

5. Doktor

a. Ginagamot ang mga batang may sakit.

b. Nagbibigay ng pagkain sa mga pasyente

c. Nagbibigay ng pagkain sa mahihirap na pamilya.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Paano nakakatulong sa atin ang mga sumusunod na tao sa lipunan. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel.

______1. Guro
______2. Tubero
______3. Sapatero
______4. Barbero
______5. Barangay tanod

| |
|---|
| a. Inaayos ang mga sirang tubo na tumutulo.<br>b. Tinitingnan ang kaayusan at katahimikan ng barangay<br>c. Ginugupit ang mahaba nating buhok upang malinis at maayos tayong tingnan<br>d.Tinutulungan tayong magbasa, magsulat at magbilang.<br>e. Inaayos ang mga sirang sapatos. |

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin | Balikan | Pagyamanin | Isaisip |
|---|---|---|---|
| 1. T | 1. a | 1. c | 1. c |
| 2. M | 2. c | 2. a | 2. a |
| 3. M | 3. a | 3. c | 3. a |
| 4. T | 4. b | 4. b | 1. b |
| 5. M | | 5. a | 2. b |

| Isagawa | Tayahin | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|
| 4. a | 1. a | 1. d |
| 5. c | 2. b | 2. a |
| | 3. b | 3. e |
| | 4. c | 4. c |
| | 5. a | 5. b |

## *Sanggunian*

K to 12 Health Curriculum Guide, May 2016

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985